

Pagtatala ng Sampung Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino: Isang Gabay para sa Pagtuturo ng Pilosopiyang Pilipino

Leslie Anne L. Liwanag, Ph.D.
Visayas State University
leslie.liwanag@vsu.edu.ph

F.P.A. Demeterio III, Ph.D.
De La Salle University
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

Mary Irene Clare O. Deleña, M.S.
De La Salle University
mary.irene.delena@dlsu.edu.ph

Rodolfo V. Bagay, Jr., M.A.
De La Salle University
rodolfo_bagayjr@dlsu.edu.ph

Abstract

May ilan nang pilosopong Pilipino at guro ng pilosopiya ang pumuna sa kawalan ng puwang ng pilosopiyang Pilipino sa karaniwang kurikulum ng batsilyer sa pilosopiya, maging sa masterado at doktorado sa pilosopiya, dito sa Pilipinas. Ngunit para sa ilang progresibo at makabayang institusyon kung saan itinuturo na ang kursong pilosopiyang Pilipino, isa namang malaking suliranin ang bumabagabag sa kanila o sa sinomang gurong naatasan o maaatasang humawak ng nasabing kurso: sino-sinong mga pilosopong Pilipino ang nararapat na isama sa silabus? Habang pinagdedebatihan pa ng mga pantas sa pilosopiyang Pilipino ang kasagutan para sa malaking suliranin,

nilayon ng papel na maglahad ng pansamantalang kasagutan at alternatibong paraan para tugunan ang nasabing katanungan. Sa pamamagitan ng isang survey, tinanong ng mga mananaliksik ang ilang piling eksperto sa pilosopiyang Pilipino kung sino - sino para sa kanila ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino. Pinatibay ang kanilang kasagutan gamit ang Google Scholar na may taglay na datos kung ilan ang bilang ng mga obra ng bawat pilosopong Pilipino, at kung ilan ang mga citation ng mga obrang ito. Lumabas sa pananaliksik na ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino ay ang mga sumusunod: Leonardo Mercado, Renato Constantino, Jose Rizal, Emerita Quito, Cesar Adib-Majul, Florentino Hornedo, Romualdo Abulad, Reynaldo Ilete, Zeus Salazar, at Apolinario Mabini. Nagtapos ang pananaliksik sa pagbibigay ng maikling pagpapakikilala ng bawat isa sa sampung pilosopong Pilipinong ito at pagmumungkahi ng tig-iisang kanonikal na tekstong maaaring bumuo ng kalipunan ng panimulang babasahin sa kursong pilosopiyang Pilipino.

Keywords: Pilosopiyang Pilipino, Pangunahing Pilosopong Pilipino, Silabus ng Kursong Pilosopiyang Pilipino, Kanonikal na Teksto para sa Kursong Pilosopiyang Pilipino

Introduksiyon

May ilan nang pilosopong Pilipino at guro ng pilosopiya ang pumuna sa kawalan ng puwang ng pilosopiyang Pilipino sa karaniwang kurikulum ng batsilyer sa pilosopiya, maging sa masterado at doktorado sa pilosopiya, dito sa Pilipinas. Ngunit para sa ilang progresibo at makabayang institusyon kung saan itinuturo na ang kursong pilosopiyang Pilipino, isa namang malaking suliranin ang bumabagabag sa kanila o sa sinomang gurong naatasan o maaatasang humawak ng nasabing kurso: sino-sinong mga pilosopong Pilipino ang nararapat na isama sa silabus? Kaya kadalasan ang saklaw ng kursong pilosopiyang Pilipino ay nalilimitahan sa kung sino lamang ang kilalang pilosopo ng gurong nagdisenyo nito. Hindi man tahasang pilosopikal ang ganitong suliranin, ngunit ang malinaw na

paghayag at mapangahas na pagtugon nito ay maaaring lumikha ng malaking saysay sa edukasyong pangpilosopiya dito sa ating bansa.

May ilang dalubhasa sa pilosopiyang Pilipino ang handa nang magbigay ng kasagutan sa parehong katanungan. Si Emerita Quito, sa aklat na *The State of Philosophy in the Philippines* na nailathala noong 1983, na nakapagtala ng hindi bababa sa 28 na pilosopong Pilipino (tingnan ang *Appendix A* para sa kanyang listahan).¹ Si Rolando Gripaldo, sa serye ng mga aklat na *Filipino Philosophy: Traditional Approach* na nailathala noong 2000 at 2004, na nakapagtala ng hindi bababa sa siyam na pilosopong Pilipino (tingnan ang *Appendix B* para sa kanyang listahan).² Si Alfredo Co, sa sanaysay na "*Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years ago and Fifty Years from Now*" na nailathala noong 2004, na nakapagtala ng hindi bababa sa 29 na pilosopong Pilipino (tingnan ang *Appendix C* para sa kanyang listahan).³ Si Florentino Timbreza, sa sanaysay na "*Mga Tagapaghawan ng Landas ng Pilosopiyang Pilipino*" na nailathala noong 2008, na nakapagtala ng hindi bababa sa 30 na pilosopong Pilipino (tingnan ang *Appendix D* para sa kanyang listahan).⁴ Bukod sa may kalumaan na ang mga talaang nagawa ng apat na pantas at kailangan nang bigyan ng kani-kanilang *update*, hindi rin malinaw kung paano binuo ng karamihan sa kanila ang kani-kanilang mga talaan. Kung mapapansin, hindi nila nailahad ang kanila-kanilang pamamaraan, kaya masasabing *subjective at arbitrary* ang pagkakabuo ng karamihan sa talaang ito. Maski nailahad nang malinaw ni Co ang pamamaraan, may kababaan naman ang itinakdang pamantayan. Dagdag pa rito, hindi gumamit ng anomang paraan ang apat na pantas ng paghahanay sa mga pangalang isinama nila sa apat na talaan. Sa

¹ Quito, "The State of Philosophy in the Philosophy," 35 – 43.

² Gripaldo, "Filipino Philosophy: Traditional approach," Part 1, Section 1 and Section 2.

³ Co, "Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago and Fifty Years from Now," 13-15.

⁴ Timbreza. "Mga Tagapaghawan ng Landas ng Pilosopiyang Pilipino," 24-33.

sobrang dami ng nilalaman ng karamihan sa mga talaang ito, mahihirapan ang sinomang guro sa pilosopiyang Pilipino sa pagpapasya kung alin sa mga naitalang pangalan ang nararapat isama sa bubuoing silabus para sa kursong pilosopiyang Pilipino.

Habang pinagdedebatihan pa ng mga guro at pantas ng pilosopiyang Pilipino ang kasagutan para sa suliranin tungkol sa kung sino-sinong mga pilosopong Pilipino ang nararapat na maisama sa silabus para sa kursong pilosopiyang Pilipino, nilayon ng papel na maglahad ng pansamantalang kasagutan at alternatibong pamamaraan para tugunan ang nasabing katanungan. Sa katunayan, katulad din nina Quito, Gripaldo, Co, at Timbreza ang pangunahing mananaliksik ng papel ay handa ring magbigay ng kasagutan sa nasabing suliranin. Noong 2013, nakapagtala si F.P.A. Demeterio III ng hindi bababa sa 26 na pilosopong Pilipino (tingnan ang *Appendix E* para sa kanyang listahan).⁵ Kung ihahambing sa talaan ng nabanggit nang apat na pantas, mas bago at *updated* ang talaan ni Demeterio, malinaw ding ibinunyag ang naging pamamaraan sa pagbuo ng nasabing talaan. Alinsunod dito, maaaring ihanay ang mga pangalang kasama sa talaan ayon sa kani-kanilang halaga. Kaya kahit na 26 na pilosopong Pilipino ang nasa talaan, maaaring tanggalin ang mga nasa dulo ng hinanay na listahan kapag sampu o labinglimang pilosopong Pilipino na lamang ang gustong isama ng sinomang gagawa ng silabus para sa kursong pilosopiyang Pilipino.

Nilayon ng papel na itong balikan, palakasin, at patalasin ang metodong ginamit ni Demeterio sa nabanggit na papel para makapaglahad ng pansamantalang kasagutan at alternatibong pamamaraan para tugunan ang suliranin tungkol sa kung sino-sinong mga pilosopong Pilipino ang nararapat maisama sa silabus para sa kursong pilosopiyang Pilipino. Pansamantala at alternatibo ang kasagutan at pamamaraang kayang ilahad ng papel. Buo ang paniniwala ng mga mananaliksik na palaging bukas sa posibilidad na punahin, batikusin, at rebisahin ang inilahad ng papel na ito ng sinomang may malasakit at panahong

⁵ Demeterio, *Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy*, 189-230.

gumawa ng mas *updated* at mas matatag na talaan. Mangyayari lamang ang ganitong mga inaasahang puna, batikos, at rebisyon kapag malinaw na nailahad ng papel ang pamamaraang ginamit. Isang walang hanggang dialektikal na proseso ang pagbuo ng ganitong talaan, ngunit nararapat itong umpisan gamit ang malinaw at katanggap-tanggap na pamamaraan.

Metodolohiya

Balak ng papel na balikan, palakasin, at patalasin ang pamamaraang ginamit sa artikulo ni Demeterio na *“Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy.”* Nararapat lamang tingnang muli ang nasabing pamamaraan bago pa man talakayin ang metodolohiya ng kasalukuyang proyekto:

In order for us to come up with our own list of the leading Filipino philosophers and writers/scholars of philosophy I started culling names from Co’s essays “In the Beginning...a Personal Petit Historical Narrative of the History of Philosophy in the Philippines,” and “Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago, Fifty Years from Now.” To my initial list, I added some more names that I gathered from my email exchanges with Mabaquiao, the Chair of the Philosophy Department of De La Salle University (DLSU), Jeffry Oca, the Chair of the Philosophy Department and Associate Dean of the College of Arts and Sciences of Silliman University (SU), and Raymundo Pavo of the University of the Philippines-Mindanao (UP-M). I then counter-checked my list against some of the recurrent names in Gripaldo’s two bibliographies. I ended up with a rather long list of names without any data yet on their corresponding representative texts.

Finally, I utilized the *Google Scholar* in order for me to retrieve the representative texts of these leading Filipino philosophers and writers/scholars of philosophy. For each name I only looked at the first 30 hits in the Google Scholar. I used the Google Scholar also to trim down my list by deciding to exclude the names with less than five recorded titles, as well as the names with less than five recorded citations, as of 13 March 2013.⁶

⁶ Ibid., 192.

Sa palagay ng mga mananaliksik, ito ang mga hakbang na bumuo sa metodolohiya ng kasalukuyang proyektong nagpalakas at nagpatalas sa metodolohiyang una nang ginamit ni Demeterio: 1) pagsagawa ng isang *survey* sa may 30 na *key informant* para makalap ang inisyal na talaan ng mga pinakamahalagang pilosopong Pilipino (tingnan ang *Appendix F* para sa nilalaman ng *survey question*); 2) paggamit sa *Google Scholar* para makuha kung ilang obra ng bawat nailistang pilosopong Pilipino ang nahagip ng nasabing database; 3) paggamit muli sa *Google Scholar* para malaman kung ilan ang *average citation* ng mga obra ng bawat nailistang pilosopong Pilipino; 4) pagbigay ng bigat na 50% para sa datos mula sa *survey*, 25% para sa datos tungkol sa dami ng obrang nahagip ng *Google Scholar*, at 25% para sa datos tungkol sa *average citation* ng mga obra; 5) pagsama-sama sa tatlong datos para mabuo ang perpektong *score* na 100%; 6) paghanay sa mga pilosopong Pilipino mula sa may pinakamataas na ranggo hanggang sa may pinakamababang ranggo; at 7) pagkilala sa unang sampung pilosopong Pilipino na may pinakamataas na ranggo bilang sampung pinakamalahagang pilosopong Pilipino. Mga simpleng matematikal na pagraranggo lamang ang ginawa ng pananaliksik, kaya hindi ito nangangailangan ng mga mas kumplikadong estatiskal na proseso. Layunin lamang ng pananaliksik na palutangin ang mga nangungunang pilosopong Pilipino batay sa ekspertong pananaw ng mga *key informant* at pati na sa tinatawag na *bibliometrics*.

Matapos matukoy ng proyekto ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino, binigyan ng maiikling pagpapakilala ang bawat isa. Para lalong mapagaan ang inisyal na gawain ng sinomang bubuo ng silabus para sa kursong pilosopiyang Pilipino, nagmungkahi din ang papel ng tig-isang representatibong obra ng sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino. Ang mga piling representatibong obra ang tatayo bilang kalipunan ng mga babasahin para sa bubuoing kursong pilosopiyang Pilipino. Napulot ng pangunahing mananaliksik mula kay Michael Anthony Vasco, dekanong ng Faculty of Arts and Letters ng Pamantasang Santo Tomas, ang ideya tungkol sa pagkalap ng mga piling representatibong obra.

Minsan ibinahagi ni Vasco ang pagkakaiba ng panitikang Pilipino sa pilosopiyang Pilipino: may matatag nang kalipunan ng mga kanonikal na teksto ang nauna, habang walang-wala ang pangalawa. Maaaring ituring na inisyal na hakbang ang proyektong ito para maitatag ang isang kalipunan ng mga kanonikal na teksto para sa pilosopiyang Pilipino.

RESULTA NG PANANALIKSIK

Hinati sa apat na sub-seksyon ang diskusyon ng papel tungkol sa kinalabasan ng pananaliksik: 1) pagraranggo sa mga pilosopong Pilipino batay sa isinagawang *survey*, 2) pagraranggo sa mga pilosopong Pilipino batay sa dami ng kani-kanilang mga obrang nahagip ng Google Scholar, 3) pagraranggo sa mga pilosopong Pilipino batay sa average citation ng kani-kanilang mga obrang ayon pa rin sa Google Scholar, at 4) pinal na pagraranggo sa mga pilosopong Pilipino batay sa tatlong naunang pagraranggo.

Pagraranggo Batay sa Isinagawang *Survey*

Nabanggit na sa metodolohiya na para makalap ang inisyal na listahan ng mga pilosopong Pilipino, nagsagawa ang mga mananaliksik ng isang *survey* noong ikalawang linggo ng Marso, taong 2017. Dito tinanong ang may 30 na *key informant* kung sino - sino para sa kanila ang pinakamahalagang pilosopong Pilipino (tingnan ang *Appendix F* para sa nilalaman ng *survey question*). Ang pagpili ng mga *key informant* ay ibinatay sa mga aktibong nagsusulat at nananaliksik tungkol sa Pilosopiyang Pilipino na sumagot lamang sa aming *survey*. Nanindigan ang papel na sila ang mga ekspertong nakakaalam tungkol sa larangan na ito. Sa 30 na *key informant* na pinadalhan ng elektronikong liham, 18 ang sumagot na makikita sa *table 1* kaakibat ang kani-kanilang katungkulan at institusyong kinabibilangan:

Key Informant	Katungkulan	Institusyong Kinabibilangan
Rhoderick John Abellanosa	Assistant Professor	University of San Carlos
Moses Aaron Angeles	Full Professor	San Beda College
Maxell Aranilla	Assistant Professor	De La Salle University
Bryan Bustamante	Full Professor	San Beda College
Mark Calano	Associate Professor	Ateneo de Manila University
Franz Cortes	Full Professor	University of Santo Tomas
Noelle Leslie dela Cruz	Associate Professor	De La Salle University
Emmanuel de Leon	Instructor	University of Santo Tomas
Elenita Garcia	Full Professor	De La Salle University
Nic Gianan	Associate Professor	University of the Philippines Los
Jeremiah Joven Joaquin	Associate Professor	Banos
Napoleon Mabaquiao	Full Professor	De La Salle University
Jerwin Mahaguay	Assistant Professor	De La Salle University
Jeffrey Ocaj	Associate Professor	University of Rizal System
Roland Theuas Pada	Assistant Professor	Silliman University
Raymond Pavo	Assistant Professor	University of Santo Tomas
Agustin Martin Rodriguez	Full Professor	University of the Philippines
Ruby Suazo	Full Professor	Mindanao
		Ateneo de Manila University
		University of San Carlos

Table 1: Listahan ng Pangalan, Katungkulan, at Institusyong Kinabibilangan ng 18 na Key Informant na Sumagot sa Isinagawang Survey

Mula sa mga sagot ng 18 na key informant, nakalap ng mga mananaliksik ang 52 na pangalan ng mahalagang pilosopong Pilipino. Ipinakita sa *table 2* ang alpabetikal na pagkakahanay ng 52 na pilosopong Pilipino, kasama ang kanilang pangunahing institusyong kinabibilangan. Mahalagang banggitin sa puntong ito na sa bawat pagkakataong nailista ng ilang *key informant* ang pangalan ng pangunahing mananaliksik ng papel na ito, minabuting isinantabi muna para manatiling matatag ang kredibilidad ng mabubuong talaan.

Pilipinong Pilosopo	Institusyong Kinabibilangan
Romualdo Abulad	University of Santo Tomas
Josephine Acosta-Pasricha	University of Santo Tomas
Cesar Adib-Majul	University of the Philippines
Virgilio Almario	University of the Philippines
Jove Jim Aguas	University of Santo Tomas
Eduardo Babor	Holy Name University (Tagbilaran City)
Jorge Bocobo	University of the Philippines
Paolo Bolanos	University of Santo Tomas
Amando Bonifacio	University of the Philippines
Andres Bonifacio	
Claro Ceniza	De La Salle University
Alfredo Co	University of Santo Tomas

Renato Constantino	University of the Philippines
Randolf David	University of the Philippines
Leonardo de Castro	University of the Philippines
Jose de Mesa	De La Salle University
Manuel Dy	Ateneo de Manila University
Virgilio Enriquez	University of the Philippines
Roque Ferriols	Ateneo de Manila University
Raymun Festin	Divine Word School of Theology (Tagaytay City)
Elenita Garcia	De La Salle University
Leovino Garcia	Ateneo de Manila University
Rolando Gripaldo	De La Salle University
Florentino Hornedo	University of Santo Tomas
Rainier Ibana	Ateneo de Manila University
Reynaldo Ileta	National University of Singapore
Emilio Jacinto	
Jose Laurel	
Zosimo Lee	University of the Philippines
Napoleon Mabaquiao	De La Salle University
Apolinario Mabini	
Mary John Mananzan	Saint Scholastica's College
Julius Mendoza	University of the Philippines
Leonardo Mercado	University of Santo Tomas
Dionisio Miranda	University of San Carlos
Resil Mojares	University of San Carlos
Jeffrey Oca	Silliman University
Camilo Osias	
Antonette Palma-Angeles	Ateneo de Manila University
Ricardo Pascual	University of the Philippines
Renante Pilapil	Ateneo de Davao University
Manuel Quezon	
Emerita Quito	De La Salle University
Herminia Reyes	De La Salle University
Jose Rizal	
Agustin Martin Rodriguez	Ateneo de Manila University
Tomas Rosario	Ateneo de Manila University
Zeus Salazar	University of the Philippines
Amable Tuibeo	Polytechnic University of the Philippines
Florentino Timbreza	De La Salle University
Magdalena Villaba	University of Santo Tomas
Fernando Zialcita	Ateneo de Manila University

Table 2: Alpabetikal na Listahan ng mga Mahalagang Pilosopong Pilipino ayon sa Isinagawang Survey

Nakahanay na mula sa pinakamahalaga hangang sa pansampung pinakamahalaga ang bawat listahang ibiginay ng 18 na key informant. Kaya nararapat lamang na bigyan ng angkop na *weight* ang *frequency* ng pagkabanggit ng bawat pangalan ayon sa puwesto nito sa hanay na ibinigay ng mga *key informant*. Kung kaya sa table 3, 10 ang iniligay na *score* sa *frequency* kapag nasa pinakaunang parte ng listahan matatagpuan ang isang pangalan, habang 1 lamang ang iniligay

na *score sa frequency* kapag nasa dulong parte ng listahan matatagpuan ang ibang pangalan. Ipinakita ng *table 3* ang *weighted frequency* ng pagkakabanggit ng mga *key informant* sa mga pangalan ng pilosopong Pilipino. Para maprotektahan ang katayuan ng mga pilosopong Pilipinong nakakuha ng ranggong 22 at pabababa sa isinagawang *survey, code* na lamang sa halip na tunay na pangalan ang ipinakita sa *table 3*. Para maprotektahan din ang identidad ng 18 na *key informant, code* na lamang, sa anyo ng mga kapital na letra, ang ipinakita sa *table 3*.

Pilosophong Pilipino	Weighted Frequency ng Pagbanggit ng mga Key Informant																		Average Weighted Frequency	Ranggo
	A	B	C	D	E	F	G	H	I	J	K	L	M	N	O	P	Q	R		
Emerita Quito	9	7	4	10	4	0	10	7	5	8	10	3	6	10	5	0	0	4	5.67	1.0
Roque Ferriols	6	8	0	9	10	10	5	9	0	0	9	5	0	9	2	7	9	2	5.56	2.0
Leonardo Mercado	5	0	3	7	5	7	6	0	0	4	0	1	5	6	6	0	0	6	3.39	3.0
Romualdo Abulad	2	0	0	6	7	8	9	0	0	9	4	2	0	4	1	0	0	5	3.17	4.0
Claro Ceniza	10	9	0	0	0	0	7	8	6	2	0	0	0	0	0	0	0	7	2.72	5.0
Alfredo Co	7	4	0	8	0	0	8	0	0	10	5	0	1	1	3	0	0	1	2.67	6.5
Jose Rizal	0	0	0	0	0	0	0	10	0	0	0	0	10	0	0	8	10	10	2.67	6.5
Florentino Hornedo	0	0	10	4	8	3	7	0	0	0	0	0	0	0	0	2	0	6	2.22	8.0
Florentino Timbreza	3	5	0	5	0	0	1	6	0	3	1	0	3	2	7	0	0	3	2.17	9.0
Apolinario Mabini	0	0	0	0	0	0	0	4	0	0	0	0	9	0	0	9	0	9	1.72	10.0
Emilio Jacinto	0	0	0	0	0	0	0	3	0	0	0	0	8	0	0	10	0	9	1.67	11.0
Renato Constantino	0	0	0	3	9	0	0	0	0	0	0	0	7	0	0	0	0	7	1.44	12.0
Amando Bonifacio	0	10	0	0	0	0	0	0	0	10	0	0	0	0	0	0	0	0	1.11	13.0
Andres Bonifacio	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	10	0	9	1.06	14.0
Manuel Dy	8	2	0	0	0	2	0	0	0	0	0	0	2	0	0	3	0	1	1.00	15.5
Cesar Adib-Majul	0	0	0	0	0	0	0	0	0	9	0	0	9	0	0	0	0	0	1.00	15.5
Rolando Gripaldo	0	1	2	0	0	0	0	0	0	1	2	0	0	0	9	0	0	2	0.94	17.0
Napoleon Mabaquiao	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	7	0	0	8	0	0	0	0.83	18.0
Randolf David	0	0	0	0	6	0	0	0	0	0	0	8	0	0	0	0	0	0	0.78	20.0
Zeus Salazar	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	8	0	6	0	0	0.78	20.0
Mary John Mananzan	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	10	4	0	0	0.78	20.0
Pilosopo 12	0	6	0	0	0	0	0	0	0	7	0	0	0	0	0	0	0	0	0.72	22.0
Pilosopo 27	0	0	0	0	0	5	0	0	0	0	0	7	0	0	0	0	0	0	0.67	24.0
Pilosopo 38	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	6	6	0	0	0	0	0	0	0.67	24.0
Pilosopo 45	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	7	0	5	0	0.67	24.0
Pilosopo 23	0	0	0	0	3	0	0	0	8	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.61	26.5
Pilosopo 24	0	0	0	0	2	9	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.61	26.5
Pilosopo 25	0	0	0	0	1	0	2	0	0	7	0	0	0	0	0	0	0	0	0.56	28.5
Pilosopo 40	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	10	0	0	0	0	0	0	0.56	28.5
Pilosopo 36	0	0	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	8	0.50	30.0
Pilosopo 16	0	0	8	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.44	32.5
Pilosopo 41	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	8	0	0	0	0	0	0	0.44	32.5
Pilosopo 51	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	8	0	0.44	32.5
Pilosopo 52	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	8	0.44	32.5
Pilosopo 17	0	0	7	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.39	35.0
Pilosopo 18	0	0	6	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.33	36.5
Pilosopo 26	0	0	0	0	0	6	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.33	36.5
Pilosopo 19	0	0	5	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.28	39.5
Pilosopo 32	0	0	0	0	0	0	0	5	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.28	39.5
Pilosopo 39	0	0	0	0	0	0	0	0	0	5	0	0	0	0	0	0	0	0	0.28	39.5
Pilosopo 46	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	5	0	0	0	0	0.28	39.5

Pagtatala ng Sampung Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino 29

Pilosopo 7	4	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.22	43.5
Pilosopo 28	0	0	0	0	0	4	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.22	43.5
Pilosopo 43	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	4	0	0	0	0	0	0	0	0.22	43.5
Pilosopo 49	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	4	0	0	0	0	0.22	43.5
Pilosopo 13	0	3	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.17	47.0
Pilosopo 30	0	0	0	0	0	0	3	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.17	47.0
Pilosopo 47	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	3	0	0	0	0	0.17	47.0
Pilosopo 21	0	0	0	2	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.11	49.5
Pilosopo 35	0	0	0	0	0	0	0	2	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.11	49.5
Pilosopo 10	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.06	51.5
Pilosopo 29	0	0	0	0	0	1	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0	0.06	51.5

Table 3: Nakahanay na Listahan ng mga Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino ayon sa Survey na Isinagawa Kasama ang 18 na Key Informant

Ayon sa isinagawang survey kasama ang 18 na key informant, ito ang mga sumusunod na sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino: Quito, Ferriols, Mercado, Abulad, Ceniza, Co, Rizal, Hornedo, Timbreza, at Mabini.

Pagraranggo Batay sa Bilang ng mga Obrang Nahagip ng Google Scholar

Noong ikatlong linggo ng Marso, taong 2017, hinalughog ng mga mananaliksik ang Google Scholar para mabilang kung ilan ang obra ng bawat isang 52 na pilosopong Pilipino ang nahagip ng database. Makabuluhan ang prosesong ito para maipakita na may sapat na corpus ng mga obra ang sinomang ituturing na pinakamahalagang pilosopong Pilipino. Ipinakita sa table 4 ang hinanay nang listahan ng mga pilosopong Pilipino batay sa dami ng kani-kanilang obrang nahagip ng Google Scholar. Muli, para maprotektahan ang katayuan ng mga pilosopong Pilipinong nakakuha ng ranggong 21.5 at pabababa sa isinagawang pagbibilang, code na lamang sa halip na tunay na pangalan ang ipinakita sa table 4.

Pilosopong Pilipino	Bilang ng mga Obrang Nahagip ng Google Scholar	Ranggong
Resil Mojares	131	1.0
Rolando Gripaldo	93	2.0
Florentino Hornedo	67	3.0
Renato Constantino	65	4.0

Zeus Salazar	63	5.0
Reynaldo Iletto	59	6.0
Virgilio Almario	54	7.0
Fernando Zialcita	53	8.0
Cesar Adib-Majul	49	9.0
Randolf David	44	10.0
Leonardo Mercado	43	11.0
Emerita Quito	42	12.0
Manuel Quezon	41	13.0
Jose Rizal	40	14.0
Virgilio Enriquez	35	15.0
Mary John Mananzan	31	16.0
Camilo Osias	30	17.0
Florentino Timbreza	29	18.5
Romualdo Abulad	29	18.5
Jorge Bocobo	23	20.0
Pilosopo 26	22	21.5
Pilosopo 27	22	21.5
Pilosopo 52	20	23.0
Pilosopo 42	19	24.0
Pilosopo 5	18	25.0
Pilosopo 23	16	26.5
Pilosopo 38	16	26.5
Pilosopo 13	15	28.5
Pilosopo 16	15	28.5
Pilosopo 33	13	30.0
Pilosopo 17	12	31.5
Pilosopo 39	12	31.5
Pilosopo 18	11	33.5
Pilosopo 47	11	33.5
Pilosopo 1	9	35.0
Pilosopo 3	8	37.5
Pilosopo 19	8	37.5
Pilosopo 29	8	37.5
Pilosopo 46	8	37.5
Pilosopo 11	6	40.5
Pilosopo 49	6	40.5
Pilosopo 12	5	42.5
Pilosopo 24	5	42.5
Pilosopo 7	4	44.5
Pilosopo 51	4	44.5
Pilosopo 25	3	46.5
Pilosopo 28	3	46.5
Pilosopo 4	2	48.5
Pilosopo 50	2	48.5
Pilosopo 34	1	50.0
Pilosopo 10	0	51.5
Pilosopo30	0	51.5

Table 4: Nakahanay na Listahan ng mga Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino ayon sa Dami ng Kanilang mga Obrang Nahagip ng *Google Scholar*

Ayon sa isinagawang pagbibilang ng mga obrang nahagip ng *Google Scholar* ang mga sumusunod ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino: Mojares, Gripaldo, Hornedo, Constantino, Salazar, Ileta, Almario, Zialcita, Adib-Majul, at David.

Pagrarango Batay sa *Average Citation* ng mga Obra ayon sa *Google Scholar*

Noong ikatlong linggo pa rin ng Marso, taong 2017, hinalughog din ng mga mananaliksik ang *Google Scholar* para mabilang ang *average citation* ng mga nahagip na obra ng bawat isa sa 52 na pilosopong Pilipino. Makabuluhan ang prosesong ito para maipakitang binabasa at sinisipi ng ibang manunulat at iskolar ang mga naisulat ng mga pinakamahalagang pilosopong Pilipino. Ipinakita ng *table 5* ang hinanay nang listahan ng mga pilosopong Pilipino batay sa *average citation* ng kani-kanilang mga obrang nahagip ng *Google Scholar*. Muli, para maprotektahan ang katayuan ng mga pilosopong Pilipinong nakakuha ng ranggong 21 at pabababa sa isinagawang pagbibilang, *code* na lamang sa halip na tunay na pangalan ang ipinakita sa *table 5*.

Pilosopong Pilipino	Bilang ng mga Obrang Nahagip ng <i>Google Scholar</i>	Bilang ng <i>Citation</i> ayon sa <i>Google Scholar</i>	<i>Average Citation</i> ng mga Obra	Ranggo
Virgilio Enriquez	35	1,252	35.77	1.0
Reynaldo Ileta	59	1,436	24.34	2.0
Renato Constantino	65	1,380	21.23	3.0
Cesar Adib-Majul	49	871	17.78	4.0
Leonardo de Castro	16	271	16.94	5.0
Jose Rizal	40	562	14.05	6.0
Jose De Mesa	11	83	7.55	7.0
Ricardo Pascual	5	35	7.00	8.0
Leonardo Mercado	43	270	6.28	9.0
Alfredo Co	2	12	6.00	10.0
Apolinario Mabini	13	77	5.92	11.0
Mary John	31	180	5.81	12.0
Mananzan	8	46	5.75	13.0
Dionisio Miranda	63	326	5.17	14.0
Zeus Salazar	44	216	4.91	15.0
Randolf David	53	251	4.74	16.0
Fernando Zialcita	131	547	4.18	17.0
Resil Mojares	30	122	4.07	18.0

Camilo Osias	8	32	4.00	19.0
Manuel Dy	54	199	3.69	20.0
Virgilio Almario	20	72	3.60	21.0
Pilosopo 52	2	7	3.50	22.0
Pilosopo 50	41	135	3.29	23.0
Pilosopo 36	8	26	3.25	24.0
Pilosopo 19	1	3	3.00	25.0
Pilosopo 34	8	21	2.63	26.0
Pilosopo 29	6	14	2.33	27.0
Pilosopo 11	11	21	1.91	28.0
Pilosopo 18	29	55	1.90	29.0
Pilosopo 9	42	76	1.81	30.0
Pilosopo 2	93	152	1.63	31.0
Pilosopo 14	12	18	1.50	32.0
Pilosopo 17	29	43	1.48	33.0
Pilosopo 8	22	31	1.41	34.0
Pilosopo 27	5	7	1.40	35.0
Pilosopo 24	67	91	1.36	36.0
Pilosopo 15	23	31	1.35	37.0
Pilosopo 32	12	16	1.33	38.0
Pilosopo 39	15	19	1.27	39.0
Pilosopo 13	18	22	1.22	40.0
Pilosopo 5	9	10	1.11	41.0
Pilosopo 1	22	24	1.09	42.0
Pilosopo 26	15	16	1.07	43.0
Pilosopo 16	4	4	1.00	44.5
Pilosopo 7	16	16	1.00	44.5
Pilosopo 38	19	8	0.42	46.0
Pilosopo 42	0	0	0.00	49.5
Pilosopo 10	3	0	0.00	49.5
Pilosopo 25	3	0	0.00	49.5
Pilosopo 28	0	0	0.00	49.5
Pilosopo 30	6	0	0.00	49.5
Pilosopo 49	4	0	0.00	49.5
Pilosopo 51				

Table 5: Nakahanay na Listahan ng mga Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino ayon sa Average Citation ng Kani-kanilang Obrang Nahagip ng Google Scholar

Ayon sa isinagawang pagbibilang ng *average citation* ng mga obra ng bawat isa sa 52 na pilosopong Pilipino, ang mga sumusunod ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino: Enriquez, Ileta, Constantino, Adib-Majul, De Castro, Rizal, De Mesa, Pascual, Mercado, at Co.

Pinal na Pagraranggo Batay sa Naunang Tatlong Pagraranggo

Nabanggit sa metodolohiya na sa proseso ng pagasamasama sa tatlong nauna nang pagraranggo, 50% ang inilaang bigat para sa unang pagraranggo, habang tig-25% ang inilaang bigat sa pangalawa at pangatlong pagraranggo. Mas matimbang ang unang pagraranggo kaysa pangalawa at pangatlong pagraranggo dahil mas malaki ang tiwala ng mga mananaliksik sa pagpapasya ng 18 na key informant kaysa mekanikal na pangangalap ng datos ng *Google Scholar*. Ipinakita sa *table 6* ang nakahanay nang listahan ng pinakamahalagang pilosopong Pilipino batay sa pinagsama-sama nang tatlong naunang pagraranggo. Muli, para maprotektahan ang katayuan ng mga pilosopong Pilipinong nakakuha ng ranggong 21 at pabababa sa isinagawang pinal na pagraranggo, *code* na lamang sa halip na tunay na pangalan ang ipinakita sa *table 6*.

Pilosopong Pilipino	Ranggo ayon sa Survey (50%)	Ranggo ayon sa Bilang ng mga Obrang Nahagip ng <i>Google Scholar</i> (25%)	Ranggo ayon sa Average Citation ng mga Obra (25%)	Pinagsama-samang Ranggo (100%)	Pinal na Ranggo
Leonardo Mercado	3.0	11.0	9.0	6.50	1.0
Renato Constantino	12.0	4.0	3.0	7.75	2.0
Jose Rizal	6.5	14.0	6.0	8.25	3.0
Emerita Quito	1.0	12.0	30.0	11.00	4.5
Cesar Adib-Majul	15.5	9.0	4.0	11.00	4.5
Florentino Hornedo	8.0	3.0	36.0	13.75	6.0
Romualdo Abulad	4.0	18.5	29.0	13.88	7.0
Reynaldo Ileteo	24.0	6.0	2.0	14.00	8.0
Zeus Salazar	20.0	5.0	14.0	14.75	9.0
Apolinario Mabini	10.0	30.0	11.0	15.25	10.0
Randolf David	20.0	10.0	15.0	16.25	11.0
Rolando Gripaldo	17.0	2.0	31.0	16.75	12.0
Mary John Mananzan	20.0	16.0	12.0	17.00	13.0
Roque Ferriols	2.0	25.0	40.0	17.25	14.0
Florentino Timbreza	9.0	18.5	33.0	17.38	15.0
Alfredo Co	6.5	48.5	10.0	17.88	16.0
Leonardo de Castro	26.5	26.5	5.0	21.13	17.0
Claro Ceniza	5.0	35.0	41.0	21.50	18.0
Manuel Dy	15.5	37.5	19.0	21.88	19.0
Fernando Zialcita	32.5	8.0	16.0	22.25	20.0
Pilosopo 40	28.5	17.0	18.0	23.00	21.0
Pilosopo 11	13.0	40.5	27.0	23.38	22.0

Pilosopo 12	22.0	42.5	8.0	23.63	23.0
Pilosopo 36	30.0	13.0	23.0	24.00	24.0
Pilosopo 34	11.0	50.0	25.0	24.25	25.0
Pilosopo 50	14.0	48.5	22.0	24.63	26.0
Pilosopo 27	24.0	21.5	34.0	25.88	27.0
Pilosopo 43	43.5	1.0	17.0	26.25	28.0
Pilosopo 42	18.0	24.0	46.0	26.50	29.0
Pilosopo 52	32.5	23.0	21.0	27.25	30.0
Pilosopo 35	49.5	15.0	1.0	28.75	31.0
Pilosopo 38	24.0	26.5	44.5	29.75	32.0
Pilosopo 21	49.5	7.0	20.0	31.50	33.0
Pilosopo 46	39.5	37.5	13.0	32.38	34.0
Pilosopo 24	26.5	42.5	35.0	32.63	35.0
Pilosopo 17	35.0	31.5	32.0	33.38	36.0
Pilosopo 18	36.5	33.5	28.0	33.63	37.5
Pilosopo 47	47.0	33.5	7.0	33.63	37.5
Pilosopo 32	39.5	20.0	37.0	34.00	39.0
Pilosopo 16	32.5	28.5	43.0	34.13	40.5
Pilosopo 26	36.5	21.5	42.0	34.13	40.5
Pilosopo 19	39.5	37.5	24.0	35.13	42.0
Pilosopo 39	39.5	31.5	38.0	37.13	43.0
Pilosopo 25	28.5	46.5	49.5	38.25	44.0
Pilosopo 51	32.5	44.5	49.5	39.75	45.0
Pilosopo 13	47.0	28.5	39.0	40.38	46.0
Pilosopo 29	51.5	37.5	26.0	41.63	47.0
Pilosopo 7	43.5	44.5	44.5	44.00	48.0
Pilosopo 49	43.5	40.5	49.5	44.25	49.0
Pilosopo 28	43.5	46.5	49.5	45.75	50.0
Pilosopo 30	47.0	51.5	49.5	48.75	51.0
Pilosopo 10	51.5	51.5	49.5	51.00	52.0

Table 6: Nakahanay na Listahan ng mga Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino ayon sa Pinagsamasamang Tatlong Naunang Pagaranggo


Ayon sa pinagsama-samang tatlong naunang pangranggo, ang mga sumusunod ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino: Mercado, Constantino, Rizal, Quito, Adib-Majul, Hornedo, Abulad, Iletto, Salazar, at Mabini.

Sampu lamang ang direktang kinikilala ng proyektong itong pinakamahalagang pilosopong Pilipino. Sa pagtataya ng mga mananaliksik, ito ang sapat na bilang ng mga pilosopong kayang masinsinang talakayin sa loob ng isang semestre. Kung sakaling may mga gurong gagawa ng silabus sa kursong pilosopiyang Pilipinong makukulangan sa bilang na ito, maaari pa silang humugot ng karagdagang pangalan mula sa panlabing-isa hanggang sa pandalawampung pinakamahalagang

pilosopong Pilipinong makikita pa rin sa *table 6*: sina David, Gripaldo, Mananzan, Ferriols, Timbreza, Co, De Castro, Ceniza, Dy, at Zialcita.

MAIKLING PAGPAPAKILALA SA SAMPUNG PINAKAMAHALAGANG PILOSOPONG PILIPINO AT SA KANI-KANILANG REPRESENTATIBONG OBRA

Matapos matukoy ng proyektong ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino ayon sa pamamaraang malinaw na inilahad ng papel, maikling ipapakilala ng seskyong ito ang nasabing sampung pantas. Kronolohikal, ayon sa taon ng kapanganakan, ang pagkakahayanay sa sampung pantas sa seksyong ito para maging mas lohikal ang daloy ng pagtuturo tungkol sa kanila sa loob ng isang semestre. Ipinakita ng *figure 1* ang *timeline* ng buhay ng sampung natukoy na pantas.



*Figure 1: Timeline ng Buhay
ng Sampung Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino*

Magbibigay rin ang mga kasunod na sub-seksyon ng piling representatibong obrang gawa ng bawat isa sa nasabing sampung pantas. Ito ang inaasahan ng mga mananaliksik na bubuo ng isang kalipunan ng mga kanonikal na obrang nararapat basahin sa iminumungkahing kurso sa pilosopiyang Pilipino.

Jose Rizal (1861-1896)

Ipinanganak si Rizal sa Calamba, Laguna noong 1861. Nakamtan niya ang kanyang digri sa sining mula sa Ateneo de Manila noong 1876. Nag-umpisa siyang mag-aral ng pilosopiya sa Pamantasang Santo Tomas noong 1877 kasabay ang pag-aaral ng agrikultura sa Ateneo Municipal. Ngunit hindi niya tinapos ang pilosopiya at lumipat sa programang medisina noong 1878 sa kagustuhang makatulong sa paggamot sa lumalabong paningin ng kanyang ina. Dahilan ang paraan ng pagtuturo ng medisina sa Pamantasang Santo Tomas at estriktong pagmamatiyag ng gobyerno, ipinagpatuloy ni Rizal ang pag-aaral ng medisina sa Universidad de Madrid noong 1882 at nagtapos noong 1885. Naglakbay siya sa Paris, Pranses, at Alemanya para magsanay sa kanyang propesyon at makisalamuha sa mga siyentista at manunulat ng Europa. Nag-aral din siyang magpinta, maglilok, at magsulat at magbasa ng humigit-kumulang sampung wika. Masigasig na nakilahok sa Kilusang Propaganda at nagsulat ng obrang *Noli Me Tangere* noong 1887. Noong taong iyon, panandalian siyang bumalik sa Pilipinas at muling umalis papuntang Amerika at Europa sa kasunod na taon. Sumali siya sa Masonerya at nagsulat ng kanyang pangalawang nobelang *El Filibusterismo* noong 1891. Sa parehong taon, pinutol niya ang kanyang ugnayan sa Kilusang Propaganda sa Espanya sa paniniwalang sa Pilipinas na dapat gawin ng mga Pilipino ang pagsusulong ng pagbabago. Nang makabalik sa Pilipinas sa ikalawang pagkakataon noong 1892, binuo niya ang *La Liga Filipina* na naging dahilan sa kanyang pagkakaaresto at pagkakaeksilo sa Dapitan. Nang sumiklab ang rebolusyong pinamunuan ni Andres Bonifacio noong 1896, idinawit ng mga Espanyol si Rizal at agarang hinatulan ng parusang kamatayan.

Minabuting pinili ng mga mananaliksik na pinakarepresentatibong obra ang akdang sumalamin sa pilosopikal na oryentasyon ni Rizal hinggil sa hangarin ng edukasyon para sa bansa na matatagpuan sa “The Philippines a Century Hence.” Unang inilathala ang artikulong ito bilang serye sa pahayagang *La Solidaridad* noong 1889 hanggang 1890.

Ibinahagi ni Rizal sa akda na tanging ang edukasyon lamang ang magsasalba sa bansa mula sa pamamayani ng mga dayuhan. Nakasentro ito sa tungkulin ng edukasyong makapagluwal ng malakas na panlipunang puwersa ng kabataan upang malinang at maisalin ang kanyang talinong inaalay sa bayan. Sa puntong ito, mahalagang mapagtantong ginamit ng mga mananaliksik ang nasabing obra upang muling mabalikan si Rizal bilang isa sa mahahalagang pilosopong Pilipino. Minsang binanggit ni Rizal na oras na upang sariwain ang Espanya ang mga pangyayaring nagdulot sa Rebolusyong Pranses na hindi malayong mangyari sa Pilipinas. Dito inilahad ni Rizal ang mga salik sa paghihirap ng mamamayang Pilipino tulad ng implementasyon ng Espanya ng mga polisiyang pangmilitar, pagkasira at pagkawala ng katutubong kulturang Filipino, kaugaliang pasibo at pagsuko sa mga mananakop na Espanyol. Malakas ang talab ng obrang ito upang maipaalala sa mga Pilipinong hindi naging sanhi ng kahinaan ang minsang pang-aabuso sa kamay ng mga dayuhan, bagkus pinalakas nito ang ating pambansang kamalayan.

Apolinario Mabini (1864-1903)

Ipinanganak si Mabini sa Tanuan, Batangas, noong 1864. Sa pamamagitan ng isang *scholarship* at ilang beses na pagtigil para magtrabaho at mag-ipon, nakapag-aral siya ng pilosopiya sa Colegio de San Juan de Letran at Pamantasang Santo Tomas, dito nakamtan niya ang digring batsilyer noong 1887. Sa halip na mag-aral ng teolohiya para maging isang pari, mas ginusto ni Mabini na pag-aralan ang abogasya. Kaya matapos magturo ng dalawang taon sa Lipa, Batangas, bumalik siya sa Pamantasang Santo Tomas para ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral. Kinailangan niyang magtrabaho para masuportahan ang kanyang edukasyon. Kaya bago pa man makamtan ang ninais na digri, nakilala niya si Numeriano Adriano, isang notaryo publiko at propagandista. Si Adriano ang naghimok sa kanyang sumali sa Masonerya, ang *La Liga Filipina* ni Rizal, at kalaunan sa *Cuerpo de Compromisarios*, ang konserbatibong panig na umusbong mula sa *La Liga Filipina*. Iginawad kay Mabini ang kayang digri sa abogasya noong 1894. Noong 1895 nag-umpisang lumutang

sa kanyang katawan ang mga sintomang dulot ng polyong nagresulta sa kanyang pagiging paralitiko. Noong 1896, inaresto si Mabini ng mga Espanyol dahil sa suspisyong kabilang sa radikal na panig na umusbong mula pa rin sa *La Liga Filipina*, ang Katipunan ni Bonifacio. Pinalaya si Mabini, ngunit binitay ng mga Espanyol ang ilan sa mga kapwa-akusado tulad ni Adriano. Mula sa pagiging konserbatibong makabayan, naging radikal makabayan si Mabini dahil sa masaklap na insidenteng ito. Nagsilbing tagapayo ni Emilio Aguinaldo at nanungkulan sa kanyang gabinete. Inaresto siya ng mga Amerikano noong 1899 at ipinatapon sa Guam. Noong 1903, sapilitan siyang nanumpa sa banderang Amerikano para lamang makabalik sa Pilipinas. Sa kasamaang-palad, pumanaw din ng taong iyon dahil sa epidemyang kolera. Kasalukuyang itinuturing siya bilang utak ng himagsikan at isa sa mga pambansang bayani.

Pinili ng mga mananaliksik bilang pinakarepresentatibong obra ni Mabini ang akda niyang nagtamo ng pinakamaraming *citation* ayon sa *Google Scholar*, ang *The Philippine Revolution* na isinulat ilang taon lamang bago siya mamatay. Sa maikling aklat na ito, nanindigan siyang kailangan ng mga Pilipinong baguhin hindi lamang ang mga institusyon, kundi pati na ang paraan ng pag-iisip at pamumuhay. Kaya kailangan ang rebolusyon para makamtan ang ganitong panlabas at panloob na pagbabago. Isang pagbibigay - diin ang aklat at paglilinaw kung ano ang nararapat na kaisipan at patutunguhan ng pakikibaka ng sandatahang rebolusyonaryo at mamamayang Pilipino noong kanyang panahon. Isa rin itong pagsulong ng isang paradigmang maituturing na moral at praktikal na sandigan para sa sosyo-etikal na kamalayang nararapat mabuo sa kaisipan at pamumuhay ng mga Pilipino sa anomang panahon. Nilalaman din ng aklat ang isa pang matalas na panlipunang kritisismo ni Mabini laban sa malalim at laganap na kamalayang kolonyal na bumubulag sa mga Pilipino sa mga totoong ugat ng paghihirap at ng hindi matutuldukang paghahari ng mga dayuhan.

Renato Constantino (1919-1999)

Ipinanganak si Constantino sa Maynila noong 1919. Bago makamtan ang kanyang digring batsilyer sa pilosopiya noong 1946 sa Pamantasan ng Pilipinas, nakatikim na ng pagkaaresto at ilang interogasyon kaugnay ng kanyang matalas at walang takot na dyornalismo. Naging kasapi siya ng *Philippine Mission to the United Nations* at kumuha ng ilang kursong gradwado sa New York University noong 1947. Pag-uwi sa bansa, nagtrabaho siya bilang guro ng agham pampolitika sa Pamantasan ng Pilipinas, bilang manunulat para sa maraming pahayagan, at bilang tagapayo sa *Department of Foreign Affairs*. Nakompromiso ang mga tungkulin at kabuhayang ito nang idawit siya sa mga isinagawang *witch hunt* noon laban sa mga pinaghihinalaang radikal at komunista. Nagtrabaho siya bilang *staff* at kolaborador ng mga nasyonalistiko at anti-kolonyalistang senador na sina Claro Recto at Lorenzo Tanada. Mula 1960 hanggang 1972, nanungkulan si Constantino bilang direktor sa Lopez Memorial Museum habang patuloy na nagsusulat sa kanyang mga kritikal at anti-kolonyal na mga akda. Hindi niya pinalampas ang Rehimeng Marcos sa kanyang mga puna at batikos, kaya hindi nagtagal ipinaaresto at nakulong ng ilang buwan. Naging guro sa iba't ibang kolehiyo at pamantasan sa loob ng bansa at ginawaran ng maraming *visiting professorship* sa labas ng bansa. Noong 1989 at 1990, ipinagkalooob kay Constantino ang digring doktorado sa mga sining at letra, *honoris causa*, ng Polytechnic University of the Philippines, at doktorado sa batas, *honoris causa*, ng Pamantasan ng Pilipinas. Taong 1999 nang sumakabilambuhay si Constantino.

Pinili ng mga mananaliksik bilang pinakarepresentatibong obra ni Constantino ang akdang nagtamo ng pinakamaraming *citation* ayon sa *Google Scholar*, ang aklat na *The Miseducation of the Filipinos* na nailathala noong 1982. Inilahad ng aklat ang pananaw ng isang nasyonalistang Pilipino sa sistemang edukasyong itinatag mga Amerikano at maka-Amerikano. Pinuna ni Constantino ang paggamit ng wikang Ingles bilang pangunahing wika ng edukasyon. Para sa kanya, isa itong

malaking mitsang naghihiwalay sa mga Pilipinong nakapag-aral at masang kulang sa edukasyon at patuloy na gumagamit ng kanilang nakasanayang mga lokal na wika. Sinabi ni Constantino na nakabatay sa mga pang-ekonomikong layunin ng mga Amerikano ang pagkakatatag ng maka-Amerikanong edukasyon sa Pilipinas. Kapag nahubog ang Pilipino sa mga kagawiang Amerikano, magiging madali para sa kolonisador at neo-kolonisador na kontrolin hindi lamang ang sistema ng edukasyon, kundi pati na ang pamamalakad ng gobyerno at negosyo. Ipinakita ng sanaysay na naging problematiko ang epekto ng sistemang edukasyong maka-Amerikano. Sa halip na magkaisa ang mga Pilipino sa pagkakaroon ng kaalaman na magagamit para sa pagpapaunlad ng bayan, maliit na bahagi lamang ng mga mamamayan ang nakikinabang sa pagpapaunlad ng mga banyagang interes. Naisantabi ng sistemang ito ang masang Pilipino at ang pagtatalakay sa mga usapin at kaalamang magpapaunlad dapat sa sariling bayan.

Cesar Adib - Majul (1923-2003)

Ipinanganak si Majul sa Aparri, Cagayan, noong 1923. Syrian ang ama habang Pilipina naman ang kanyang ina. Kasama si Majul sa maraming Pilipinong nakipaglaban sa mga Hapones noong Ikalawang Pandaigdigang Digmaan. Nakamtan ang kanyang batsilyer na digri sa pilosopiya sa Pamantasan ng Pilipinas noong 1947, at masteradong digri sa parehong disiplina sa parehong pamantasan noong 1953. Naging estudyante siya ng batikang pilosopong si Ricardo Pascual na isang dalubhasa sa *logical analysis*, pilosopiyang politikal at kaisipan ni Rizal. Umalis ng bansa si Majul para lalo pang magpakadalubhasa at natamo ang doktoradong digri sa agham pampulitika mula sa Cornell University noong 1957. Sa pamamagitan ng kanyang disertasyon, kalaunang nakapaglimbag ng aklat na pinamagatang *The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution*. Bumalik siya sa Pamantasan ng Pilipinas para magturo ng pilosopiya at agham pampulitika. Sa mga taong nagtuturo sa nasabing pamantasan, ginampanan niya ang iba't ibang tungkulin. Naging tagapangulo

ng Dibisyon ng Agham Panlipunan, dekanong ng University College, dekanong ng *Admissions*, dekanong ng Kolehiyong mga Sining at Agham, at dekanong ng Instituto ng Araling Islamiko. Nagkaroon pa ng ilang tungkulin sa labas ng pamantasan: bilang kasapi ng Board of Regents ng Pamantasang Mindanao, tagapangulo ng Board of Directors ng Philippine Amanah Bank, at tagapangulo ng isang Presidential Commission na gumawa ng burador para sa “Code of Muslim Personal Laws of the Philippines.” Dagdag pa rito, dalawang beses siyang naging *visiting professor* sa Cornell University. Bilang guro sa pilosopiya at agham pampulitika, kilala si Majul bilang dalubhasa sa kaisipan, kultura at politika ng Islam at lalo ng mga Pilipinong Muslim. Nagretiro sa Pamantasan ng Pilipinas noong 1983 at nanirahan sa California. Pumanaw si Majul noong 2003 dahil sa sakit na kanser. Matingkad ang pilosopikal na oryentasyon ni Majul sa mga pagsusuri sa mga teksto nina Rizal at Mabini.

Mapagtatantong may puwang na sa papel ang dalawang nasabing pantas, kaya minabuti piliin ng mga mananaliksik ang iniambag na obra ni Majul tungkol sa mga Pilipinong Muslim na tatayo bilang kalipunan ng mga kanonikal na teksto sa pilosopiyang Pilipino. Datapwat mahagalang banggitin sa puntong itong ginamit ng mga mananaliksik ang mga naisantabing obra ni Majul sa pagpapakilala nina Rizal at Mabini bilang mga pilosopong Pilipino. Pinili ng mga mananaliksik ang sanaysay niyang “*The Role of Islam in the History of the Filipino People*” na inilathala noong 1966 bilang pinakarepresentatibong obra. Hinggil ito sa isang historyograpiyong pagninilay kung paano dapat ihanay ang mahabang kasaysayan ng mga Muslim sa Pilipinas sa binubuong Pambansang kasaysayan ng bansa. Mungkahi ni Majul, nararapat na ituring ng mga historyador ang kasaysayan ng mga Muslim sa Pilipinas bilang kahilerang naratibo ng pakikipaglaban sa mga kolonisador sa konteksto ng nagkakawatak - watak na Malaysianong Islamikong rehiyon at namumuong bansang Pilipino. Mabisa ang sanaysay bilang paalala sa mga Pilipinong mambabasang hindi lamang tumutukoy sa mga Kristiyanisado at modernisadong tagapatag ang salitang “Pilipino.” Saklaw rin nito ang iba’t ibang pangkat etnikong may karapatang sumali at isali sa kolektibong

pagdidiskurso tungkol sa kasaysayan at kultura ng bansang Pilipino.

Emerita Quito (1929-2017)

Ipinanganak si Quito sa San Fernando, Pampanga noong 1929. Sa kagustuhang maging isang abogado, kinuha ang programang pilosopiya sa Pamantasang Santo Tomas at nakamit ang digring batsilyer noong 1949. Sa halip na ituloy ang abogasya, ang pagkahumaling sa pilosopiya ang naging dahilan kaya mas piniling tahakin at tapusin ang digring masterado sa parehong pamantasan noong 1956. Lumabas si Quito ng bansa noong 1961 para sa doktoradong pag-aaral sa Universite de Fribourg, Switzerland. Natamo ang digri noong 1965 sa pamamagitan ng disertasyon tungkol sa kaisipan ni Louis Lavelle. Pagkabalik sa Pilipinas, nagturo siya sa Pamantasang Santo Tomas hanggang 1967. Nadismaya si Quito sa labis na pagkiling sa Iskolastisismo at Tomismo at sa kakulangan ng imprastraktura sa pananaliksik para sa mga guro at mag-aaral sa nasabing pamantasan, kaya sinubukang lumipat sa Pamantasang Ateneo de Manila at sa Kolehiyo ng Asuncion, hanggang sa anyayahan ni Brother Andrew Gonzalez na magturo sa Pamantasang De La Salle. Simula 1971, nanungkulan si Quito bilang full-time na guro sa nasabing pamantasan. Nakakuha ng ilang *post-doctoral fellowship* at *grant* mula sa Universitat Wien, Austria noong 1962, at sa Universidad de Zaragoza, Espanya noong 1964. Nagkaroon din ng karagdang pagsasanay sa pilosopiyang silangan at wikang Sanskrit sa Universite de Paris-Sorbonne, Pransiya, noong 1974. Si Quito ang naglikha ng panibagong landas sa pamimilosopiya sa Pamantasang De La Salle palayo sa naunang paggapos ng institusyon sa Iskolastisismo at Tomismo. Noong kasagsagan ng Batas Militar, minsang ibinahagi ang panghahas ng mga ahente ng rehimen dahil sa paggamit niya ng radikal na pilosopiya. Nagretiro siya mula sa naturang pamantasan bilang *full professor* at *professor emeritus* noong 1993. Pumanaw si Quito nitong taong 2017.

Nakapagsulat at nakapaglathala ang pangunahing mananaliksik at ang isa sa mga kasamang mananaliksik ng ilang

artikulo tungol kay Quito. Kaya napadali ang magmungkahi ng representatibong obrang tatayo bilang kontribusyon patungo sa pagbubuo ng kalipunan ng mga kanonikal na teksto sa pilosopiyang Pilipino. Pinili ng mga mananaliksik ang sanaysay na "*Philosophy of Education for Filipinos*" na unang nailathala noong 1984, ngunit inilathala muli sa kanyang *Festschrift* noong 1990. Sa sanaysay na ito, isinulong ni Quito ang kanyang paniniwalang isang makapangyarihang sandata ang edukasyon para sa ating pakikidigma sa laganap pa ring kamalayang kolonyal. Ibinunyag ni Quito na isang unibersalistang pilosopiyang edukasyon ang kasalukuyang namamayaning pilosopiya ng edukasyon sa bansa. Nilayon niyang palitan ito ng isang nasyonalista, kontekstwalisado, angkop, may saysay, transpormasyonal, at etikal na pilosopiya ng edukasyon. Naninindigan si Quito na hindi lamang iaahon ng pagpapalit ng pilosopiya ng edukasyon mula sa kuweba ng kamalayang kolonyal, bagkus huhubugin din ang kabataang Pilipino para maging tagapagtaguyod ng kultural, politikal, at pang-ekonomikong pagbabago.

Zeus Salazar (Ipinanganak: 1934)

Ipinanganak si Salazar noong 1934 sa Tiwi, Albay. Kumuha ng batsilyer ng sining sa kasaysayan sa Pamantasan ng Pilipinas at nagtapos noong 1955. Natamo ang doktorado sa etnolohiya noong 1968 sa Pamantasan ng Paris sa pamamagitan ng isang disertasyon tungkol sa mga anito ng Austronesyanong mundo. Sinuong niya ang ilang espesyal na pagsasanay sa Pambansang Paaralan sa mga Buhay na Wikang Oryental sa Paris, sa Malayang Pamantasan ng Berlin, at sa Pamantasan ng Leiden. Nang bumalik ng Pilipinas, nagturo siya ng kasaysayan sa Pamantasan ng Pilipinas at nasangkot sa malawakang pagtutol ng mga mamamayan at intelektuwal sa diktaduryang Marcos. Alinsunod dito, nakulong at naaresto noong unang bahagi ng pag-iral ng Batas Militar. Buhat nito, nasangkot din siya sa isang intelektuwal na kolaborasyon sa Malakanyang na humantong sa kontrobersiyal na proyektong *Tadhana*. Sa intelektuwal na kolaborasyon ding ito unang nabuo ang kanyang pilosopikal na

diskurso tungkol sa araling Pilipinong umiinog tungkol sa mga Pilipino, na ginawa ng mga Pilipino, para sa mga Pilipino, at tumatag ang bansang Pilipinas sa paglipas ng panahon – tinawag ang diskursong ito na Pantayong Pananaw. Naging dekanong si Salazar sa Kolehiyo ng mga Agham Panlipunan at Pilosopiya ng kanyang pamantasan at naging kolaborador nina Prospero Covar at Virgilio Enriquez para sa pagbuo ng mga makabayang diskursong Pilipinolohiya at Sikolohiyang Pilipino. Kasalukuyang namamayagpag pa rin ang 83 na taong gulang na intelektwal na may malakas na impluwensiya sa mga bagong usbong na iskolar. Buhat ng mga karangalan at nailathala, itinuturing si Salazar bilang “Ama ng Bagong Histograpiyang Pilipino.”

Pinili ng mga mananaliksik bilang pinakarepresentatibong obra ang sanaysay niyang “Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabisahan” na inilathala noong 2000. Ito ang napili ng mga mananaliksik dahil dito ipinaliwanag mismo ni Salazar ang kanyang kanyang pangunahing kontribusyon sa pilosopiyang Pilipino, ang diskursong tinawag niyang Pantayong Pananaw. Samantalang pinangalanan namang “Pangkaming Pananaw” ang diskursong nilalabanan ng Pantayong Pananaw. Tinukoy ng Pangkaming Pananaw ang mga obra ng mga Pilipinong nabahiran ng malay o hindi malay na intensiyong magsulat tungkol sa mga Pilipino at kulturang Pilipino para sa mga Ingles at kanluraning mambabasa, o hindi kaya para sa kanilang inaakalang unibersal na mambabasa. Pundasyunal na estratehiya ng Pantayong Pananaw ang pagpapatalsik sa naghahari-hariang presensiyang Euro-Amerikano sa mga diskurso ng mga Pilipino tungkol sa kanilang sarili. Sa presensiyang ito, maaaring nasa anyo ng aktwal na pananaliksik ng isang Euro-Amerikanong iskolar tungkol sa Pilipinas o kaya sa mas lagapan na proseso ng simpleng paggamit ng mga Pilipinong iskolar ng mga Euro-Amerikanong teorya. Gayundin sa mas banayad pa at hindi malay na intensyon ng iba pang mga Pilipinong iskolar na makuha ang atensyon ng mga Ingles na mambabasa. Kapag tinanggap ng isang Pilipinong iskolar na dapat sa umpisa pa lamang para sa mga Pilipino at sa pagpapatatag ng bansang Pilipinas ang gagawing

diskurso, magiging mas madali at mas makabuluhan para sa kanya ang anomang pag-aaral sa iba't ibang aspekto ng mundong Pilipino sa kanilang sariling termino at punto de bista.

Leonardo Mercado (1935-2020)

Ipinanganak si Mercado sa Cebu noong Marso 16, 1935. Dito siya nag-aral ng elementarya hanggang sekondarya, habang sa lungsod ng Maynila ipinagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa kolehiyo. Dati niyang pangarap na maging isang inhinyero kaya pumasok siya sa Mapua Institute of Technology. Dahilan ang problemang pinansiyal kaya napagpasyahan ni Mercado na lumipat sa Christ the King Seminary para mag-aral ng pilosopiya at sumanib sa Society of the Divine Word. Dito nakilala niya si Ambrocio Manaligod na isang marubdob na tagapagtaguyod ng Pilipinisasyon sa mga relihiyosong samahanng may sangay dito sa bansa at mga pamantasang pagmamay-ari ng mga ito. Malalim ang naging impluwensiya ni Manaligod kay Mercado sa usapin ng Pilipinisasyon. Nakamit ni Mercado ang digring batsilyer sa pilosopiya noong 1958, at digring masterado sa pilosopiya noong 1960 sa parehong institusyon. Nagpunta sa Roma para ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral ng teolohiya. Sa Roma din inordinahan bilang pari noong 1964. Pagbalik sa Pilipinas, nagturo si Mercado sa kasalukuyang isinarang Divine Word University sa lungsod ng Tacloban. Habang nasa isang renewal program sa bansang Italya noong 1970, nakasalamuha ni niya ang ilang mga dalubhasa sa lingguwistikang nagmulat sa potensiyal ng disiplina sa pagsusuri sa kolektibong kamalayan at kaisipan ng mga tagapagsalita ng partikular na wika. Nakamtan ang digring doktorado sa pilosopiya sa Pamantasang Santo Tomas noong 1973 sa pamamagitan ng isang disertasyong kalaunang pinamagatang *Elements of Filipino Philosophy*. Nagturo si Mercado sa iba't ibang pamantasan at seminaryo sa bansa at nanungkulan bilang direktor ng Missiological and Research Office ng kinabibilangang relihiyosong samahan. Sa kasalukuyan, nagtuturo pa rin si Mercado ng pilosopiya sa Gradwadong Paaralan ng Pamantasang Santo Tomas.

Batid ng mga mananaliksik na ang *Elements of Filipino Philosophy* ang pinakamahalagang obra ni Mercado. Sumuri ito sa kaisipang Tagalog, Sebwno at Ilokano gamit ang *metalinguistic analysis*, penomenolohiya, at paghahambing ng nasabing kaisipan sa ibang napag-aralan nang Asyanong kaisipan. Pinasinayahan ng aklat ang isang sangay ng pilosopiyang Pilipinong nakatuon sa pag-aaral ng Pilipinong identidad at pananaw sa mundo. May kahabaan ito at hindi maaaring piliin bilang kontribusyon ni Mercado patungo sa pagbubuo ng kalipunan ng mga kanonikal na teksto sa pilosopiyang Pilipino. Kaya minabuti ng mga mananaliksik na ihalad ang mas nauna at mas maikling sanaysay niyang “Filipino Thought” na nailathala noong 1972. Ginamit din ng sanaysay na ito ang *metalinguistic analysis*, penomenolohiya, at paghahambing sa ibang napag-aralan nang Asyanong kaisipan para mailarawan ang kaisipang Tagalog at Sebwno bilang mga representanteng etnolingguwistikong pangkat ng kabuoang bansang Pilipino.

Florentino Hornedo (1938-2015)

Isinilang si Hornedo sa Sabtang, Batanes noong 1938. Unang nag-aral sa Pamantasang Santo Tomas para sa digring biyolohiya, ngunit lumipat sa programang edukasyon sa ilang personal na kadahilanan. Nakamtan ang batsilyer sa edukasyon, medyor sa wikang Ingles at menor sa wikang Espanyol noong 1961. Nagturo si Hornedo sa paaralang sekondarya ng Pamantasang San Luis sa Baguio at nag-aral din sa parehong pamantasan para sagradwadong digri. Iginawad ang masterado sa wikang Ingles noong 1966 at masterado sa pilosopiya noong 1972. Lumipat si Hornedo sa Pamantasang Ateneo de Manila noong 1973 para magturo ng wikang Ingles at kalaunan sa wikang Filipino. Minsan naikuwento ni Hornedo na paalis na sana siya noon para ipagpatuloy ang doktoradong pag-aaral sa agham pampolitika, ngunit nahadlangan ang oportunidad nang umiiral na Batas Militar. Bumalik na lamang sa Pamantasang Santo Tomas para maisakatuparan ang doktoradong pag-aaral. Iginawad ang doktorado sa panitikan noong 1977 sa

pamamagitan ng disertasyon tungkol sa panulaan ng etnolingguwistikong pangkat na Ivatan. Tinapos niya ang post-doktorado sa kasaysayan at agham pampulitika sa parehong pamantasan noong 1986. Noong kalagitnaan ng dekada 80, nagtuturo na si Hornedo sa Gradwadong Paaralan ng Pamantasang Santo Tomas kahit na nakabase sa Pamantasang Ateneo de Manila. Gayong nagretiro na sa Pamantasang Ateneo de Manila, patuloy pa rin ang pagtuturo bilang *part time* na guro sa dalawang nabanggit na pamantasan. Pinarangalan ng iba't ibang gantimpala tulad ng Don Carlos Palanca Memorial Award, National Catholic Authors Award, Arts and Community Award mula sa Cultural Center of the Philippines, at Batanes Provincial Achievement Recognition for Cultural and Social Research. Nanungkulan bilang commissioner ng UNESCO National Commission of the Philippines, at komisyoner para sa wikang Ivatan sa Komisyon sa Wikang Filipino. Kilala si Hornedo bilang pangunahing dalubhasa sa kasaysayan at kultura ng etnolingguwistikong pangkat ng Ivatan. Sumakabilambuhay si Hornedo noong 2015.

Kinapanayam ng mga mananaliksik si Emmanuel de Leon ng Pamantasang Santo Tomas noong ika - 3 ng Setyembre 2017. May naisulat nang buong kabanata si de Leon tungkol kay Hornedo sa kanyang disertasyong *"Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co."* Tinanong ng mga mananaliksik kung ano ang maipapanukalang obra ng pantas na tatayong kontribusyon para sa bubuoing kalipunan ng mga kanonikal na babasahin para sa kursong pilosopiyang Pilipino. Dalawang aklat at isang sanaysay ang inirekomenda ni de Leon, kaya pinili ng mga mananaliksik ang sanaysay na may pamagat na *"Philosophy in culture, Culture in Philosophy"* na nailathala noong 2002. Sa sanaysay, ipinroblematisa ni Hornedo ang masalimuot na ugnayan sa pagitan ng pilosopiya at kultura at binigyang-diin ang halaga ng paggamit ng pilosopiya sa pananaliksik sa larangan ng araling kultural. Ayon dito, kultura ang pinagsimulan ng pamimilosopiya. Sa kultura nakaugat ang pagbibigay - kahulugan ng mga paniniwala sa mundong ginagalawan at pati

na sa mga paniniwala tungkol sa sarili. Kaya ibinahagi ng sanaysay na pilosopiya rin ang kultura. Ipinapakita ng kakayahang mag-isip o pamimilosopiya ang organisasyon sa pangangatwiran at kaparaanan sa paggawa ng iba't ibang bagay na nagpapalinaw sa mga layunin at mga kahalagahan. Mula rito, hindi maitatatwang tagahubog ng kultura ang pilosopiya.

Reynaldo Ileta (Ipinanganak: 1946)

Ipinanganak si Ileta sa Maynila noong 1946. Isang mataas na heneral at diplomat noong Rehimeng Marcos ang ama. Nakamit ang digring batsilyer sa humanidades sa Ateneo de Manila University noong 1967. Kilala ang pamantasan sa pagbibigay ng mahusay na pilosopikal na edukasyon maski sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa programang batsilyer sa pilosopiya. Ipinagpatuloy ni Ileta ang gradwadong pag-aaral sa Cornell University, New York, dito nakamtan ang masterado sa kasaysayan ng Timog Silangang Asya noong 1970, at doktorado sa parehong larangan noong 1975. Dito nabuo ang disertasyong pinamagatang "*Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.*"

Sa pagbalik sa Pilipinas, nagturo sa Pamantasang Ateneo de Manila at Unibersidad ng Pilipinas. Ito rin ang panahon ng pagkakasangkot niya sa kontrobersiyal na proyektong *Tadhana* ng diktadurya. Sa labas ng bansa, nagturo sa iba't ibang institusyon kabilang ang James Cook University, Australia mula 1986 hanggang 1996, at National University of Singapore, mula 2001 hanggang 2013. Nakilala sa Pilipinas pati na sa Timog Silangang Asya bilang pangunahing tagapagtaguyod ng paraan ng pagsusulat ng kasaysayan kung saan nagmumula sa ibaba at laylayan ang punto - de - bista. Ilan sa mga rekognisyon sa husay at galing bilang historyador ang Benda Prize para sa Araling Timog Silangang Asya, ang Fukuoka Asian Culture Prize, ang Gawad Tanglaw ng Lahi mula sa Pamantasang Ateneo de Manila, at ang Grant Goodman Prize sa Kasaysayang Pilipino. Kasalukuyan pa ring natuturo si Ileta sa Nanyang Technological University, Singapore, at Australian National University. Kahit na sa labas ng bansa namamalagi, malawak at malalim ang naging

impluwensiya sa mga Pilipinong guro at mananaliksik ng kasaysayan, araling kultural, at pilosopiya.

Kinapanayam ng mga mananaliksik si Preciosa Regina de Joya ng Pamantasang Ateneo de Manila noong ika - 3 ng Setyembre 2017, dahilan ang pagbuo ng disertasyon sa ilalim ng mismong superbisyon ni Iletto sa National University of Singapore. Tinanong ng mga mananaliksik kung angkop ba ang "*Outlines of a Nonlinear Emplotment of Philippine History*" na inilathala noong 1997 bilang representatibong obrang tatayo bilang kontribusyon ng pantas patungo sa pagbubuo ng kalipunan ng mga kanonikal na teksto sa pilosopiyang Pilipino. Sumang-ayon si de Joya at napagdesisyonan ng mga mananaliksik na ituring bilang babasahing teksto para sa panimulang pag-aaral ng pilosopiya ni Iletto. Gamit ang historyograpiya ni Michel Foucault, hinamon ni Iletto ang historyograpiyang namamayani sa mga diskursong pangkasaysayan sa Pilipinas na nakabatay sa linear na pagkadalumat sa kaunlaran na binigyang - lehitimasyon ni Georg Wilhlem Friedrich Hegel. Ayon kay Iletto, madalas binabalewala at isinasantabi ng historyograpiyang batay sa linear na pagkadalumat ng kaunlaran ang mga kwento at pangyayaring nagmumula sa ibaba at laylayang ayaw pumasok sa malinis at rasyonal nitong balangkas. Kapag ang dominanteng historyograpiya lamang ang umiiral, nasasayang ang mayayamang batis ng kaalamang manggagaling sa mga nabalewala at naisantabing kwento. Para lalong maipaliwanag ang kanyang punto sa sanaysay, gumamit si Iletto ng tatlong kongretong tema mula sa kasaysayan: 1) ang panig ng mga marhinalisadong manggagamot sa harap ng mga edukadong doktor noong huling bahagi ng kolonisasyong Espanyol, at ang panig ng mga marhinalisadong Pilipino at Espanyol na doktor sa harap ng mga Amerikanong doktor noong unang bahagi ng kolonisasyong Amerikano; 2) ang mga tulisan bilang mga Pilipinong ayaw sumailalim sa kolonyal na kaayusan; at 3) ang mga pangkat ng kultista at tulisang sumanib sa rebolusyon laban sa mga Espanyol sa harap ng mga mas kilalang pinuno ng Katipunan.

Romualdo Abulad (1947-2019)

Ipinanganak si Abulad sa Lucban, Quezon noong 1947. Nakamit ang digring batsilyer sa pilosopiya mula sa Pamantasang Santo Tomas noong 1969. Nagturo ng tatlong taon sa parehong pamantasan bago lumipat sa Pamantasang De La Salle, sa paanyaya ng kanyang gurong si Quito. Nag-aral ng masterado sa Pamantasang Ateneo de Manila na nakamit noong 1976. Bumalik sa Pamantasang Santo Tomas para sa programang doktorado sa pilosopiyang natapos noong 1978. Uminog ang disertasyon tungkol sa komparatibong pagsusuri ng mga kaisipan nina Adi Shankara at Immanuel Kant. Mula 1979 hanggang 1981, pinatalas pa ni Abulad ang kaalaman tungkol kay Kant sa University of Hamburg, Alemanya batay sa isang *post-doctoral fellowship* na iginawad ng prestihiyosong Alexander von Humboldt Stiftung. Umuwi sa Pilipinas bilang pinakabatikang Pilipinong dalubhasa sa pilosopiya ni Kant. Sa Pamantasang De La Salle, itinuring ang sarili bilang pangunahing tagapagtaguyod ng pilosopikal na eklektisismong itinatag ni Quito. Nagretiro si Abulad sa nasabing pamantasan bilang *associate professor* noong 1993. Sumapi rin bilang isang *brother* sa relihiyosong Society of the Divine Word. Kaya mula 1999 hanggang 2013, naging bahagi ng departamento ng pilosopiya at araling relihiyoso ng Pamantasang San Carlos, Lungsod ng Cebu. Kasalukuyang nagtuturo sa Paaralang Gradwado ng Pamantasang Santo Tomas.

Nakapagsulat at nakapaglathala ang pangunahing mananaliksik at isa sa mga kasamang mananaliksik ng ilang manuskrito at artikulo tungkol kay Abulad. Kaya naging madali rin para sa mga mananaliksik na magmungkahi ng representatibong obra na tatayo bilang kontribusyon patungo sa pabubuo ng kalipunan ng mga kanonikal na teksto sa pilosopiyang Pilipino. Pinili ng mga mananaliksik ang sanaysay na "*Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan*" na nailathala noong makasaysayang taong 1986. Isang pilosopikal na pagninilay ang sanaysay sa kagaganap pa lamang na Rebolusyong EDSA I. Ipinaliwanag ni Abulad kung bakit isang tunay na pambasansang rebolusyon ang nangyari

kahit ilang Pilipino lamang ang aktuwal na nandoon sa EDSA. Ayon sa kanya, mas masahol pa kumpara sa mga Espanyol at Amerikanong mananakop ang napatalsik na diktador dahil ang identidad, dangal, at pati talino ng mga Pilipino ang niyurakan. Nanawagan si Abulad na hindi dapat maglaho ang diwa ng Rebolusyong EDSA I. Bunsod ng tagumpay na nakamtan ng mga Pilipino, umpisa pa lamang ito ng mas matagalan at mas mahirap na proseso ng pagbangon ng bansa at ng muli nitong pag-unlad.

Kongklusyon

Gamit ang metodolohiyang malinaw na nailahad, matagumpay na natukoy ng proyekto ang sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipinong sina Rizal, Mabini, Constantino, Majul, Quito, Salazar, Mercado, Hornedo, Ileta, at Abulad. Tatlong bagay ang matingkad na nag-uugnay sa sampung ito. Una, namimilosopiya ang lahat sa labas ng bakuran ng Iskolastisismo at Tomismo. Nangangahulugang naging negatibong puwersa ang Iskolastisismo at Tomismong hadlang sa pagyabong ng pilosopiyang Pilipino. Pangalawa, tumutugon ang lahat sa usapin ng kolonisasyon at neo-kolonisasyon. Ipinahiwatig na naging isang masaklap ngunit mahalagang karanasan ang kolonisasyon at neo-kolonisasyon para hamunin ang sampung pantas na tugunan ang mga suliraning iniwan at ipinalaganap nito sa bansa at kamalayan ng mga Pilipino.

Kung iisipin man ng sinomang mambabasa ang matingkad pala sa pamimilosopiyang Pilipino ang postkolonyal na diskurso, mahalagang banggiting mas nakaugat sa Kilusang Propaganda at sa nasyonalismo ni Recto ang postkolonyalismo ng sampung pantas kaysa mga banyagang akda nina Aimé Césaire at Frantz Fanon na kadalasang itinuturing na batis ng mas kilalang anyo ng postkolonyalismo. Pangatlo, nag-aral o nagturo sa loob ng Kalakhang Maynila ang lahat na nabanggit na sampung pantas. Hindi ito magandang pangitain sa puntong naging mahina ang naging representasyon ng mga pantas na nagmula sa Visayas at Mindanao. Kahit ipinanganak si Mercado sa Cebu, mas nanatili pa rin siya sa Kalakhang Maynila. Kahit

nakatutok si Majul sa Mindanao, masasabing tubong - Luzon pa rin siya.

Mas marami ang pagkakaiba kaysa sa pagkakapareho ang sampung pantas. Una, kalahati sa kanila ang walang pormal na gradwadong pagsasanay sa pilosopiya. Pangalawa, higit sa kalahati sa kanila ang mas kilala bilang historyador, antropolohista, dalubhasa sa agham pampolitika, o propagandista kaysa bilang pilosopo. Pangatlo, dalawa sa kanila ang hindi nakabase sa pamantasan. Pang-apat, may isa sa kanila ang nagtatrabaho sa labas ng bansa. Magandang pangitain ang mga ito sa puntong nagkaroon ng dibersidad ang batis at perspektibo ng pamimilosopiya ng sampung pantas at madaling naisantabi o labanan ang hegemonya ng Iskolastisismo at Tomismo. Sa kabilang banda, magiging bulnerable naman ang ilan sa kanila sa ipupukol na akusasyon mula sa panig ng mga may makikitid ang isip na dapat sa larangan ng pilosopiya lamang umusbong at mamimilosopiya ang pilosopong Pilipino. Dapat sigurong ipaalala sa mga kababayang itong kahit sa kanluran, marami ding pantas na itinuturing na pilosopo kahit wala silang pormal na gradwadong pagsasanay sa pilosopiya at kahit namimilosopiya hindi lamang sa loob ng bakuran ng pilosopiya. Isinaad ito dahil sa konteksto ng ating bansa, may ilang mga grupo ng indibidwal na nagsasabing may kredibilidad lamang na ituring bilang “pilosopo” ang mga indibidwal na may pormal na gradwadong pagsasanay sa pilosopiya.

Panlima, isa lamang sa kanila ang babae. Kahit sa isinagawang *survey* ng mga mananaliksik, pito o 13% lamang ang pangalan ng mga babaeng pantas mula sa 52 na nakalap ng mga pangalan ng mahahalagang pilosopong Pilipino. Siguro sa puntong ito, magsisilbi munang hamon para sa mga kasalukuyang babaeng pilosopong Pilipinong husayan pa ang pamimilosopiya upang dumami pa ang mga Pilipinang pantas sa paglipas ng panahon. Pang-anim, isa lamang sa kanila ang nag-aral ng pilosopiya sa sernaryo, kahit pa dalawa sa kanila ang kabilang sa isang relihiyosong samahan. Taliwas ito sa katotohanang produkto ng mga sernaryo ang karamihan sa mga Pilipinong guro ng pilosopiya. Pampito, dalawa sa kanila ang namimilosopiya sa panahon ng kolonisasyong Espanyol, isa

ang nag-umpisang mamimilosopiya sa panahon ng mga Amerikano, at pito naman ang nag-umpisa matapos ang Ikalawang Pandaigdigang Digmaan. Alinsunod sa iba't ibang mga kontekstong ito, mayaman ang mga aral at kaalamang mapupulot ng mga mambabasa mula sa sampung pantas. Pangwalo, higit sa kalahati sa kanila ang nakaranas ng aktwal at simbolikong karahasan mula sa rehimeng Espanyol, Amerikano, at Marcos. Ngunit hindi bababa sa tatlo sa kanila ang nagbigay ng intelektuwal na suporta sa rehimeng Marcos. Pangsiyam, higit sa kalahati sa kanila ang namayapa na.

Tanggap ng mga mananaliksik na hindi perpekto at pansamantala lamang ang talaang nabuo tungkol sa sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino. Kaya hinahamon ng papel ang mga mambabasang gumawa sana ng mas malakas pang metodolohiya at proyekto para tukuyin at kilalanin pa nang lubusan ang sariling mga pantas. Ang mahalaga, inumpisahan ng papel ang anomang umusbong na diskusyon at talakayan tungkol sa ganitong usapin.

May pagkukulang man ang metodolohiyang ginamit sa proyekto, buo ang loob ng mga mananaliksik na maaaring gamitin ang nagawang talaan at naimungkahing mga representatibong obra para sa isang aktwal na silabus para sa kursong pilosopiyang Pilipino. Ipinakita sa *table 7* ang isang mungkahing *course outline* para sa nasabing kurso, kasama na ang mga primaryo at sekondaryong babasahin.

Linggo	Paksa	Mungkahing Primaryong Teksto	Mungkahing Sekondaryong Teksto
1	Introduksiyon sa Pilosopiyang Pilipino		F.P.A. Demeterio, "A Comparative Study on the Status and Directions of Filipino Philosophies as Implied in the Taxonomies and Periodizations of Zialcita, Quito, Abulad, Gripaldo, Co and Mabaquiao;" & F.P.A. Demeterio, "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy."
2			
3	Jose Rizal	"The Philippines a Century Hence."	Raul Bonoan, "Jose Rizal and the Asian Renaissance."
4	Apolinario Mabini	<i>The Philippine Revolution.</i>	Cesar Adib Majul, "The Relevance of Mabini's Social Ideas to our Times."
5	Renato Constantino	<i>The Miseducation of the Filipino.</i>	Roland G. Simbulan, "Renato Constantino: The Centennial Filipino Scholar, 1919-1999."
6	Cesar Adib Majul	"The Role of Islam in the History of the Filipino People."	Julkipli Wadi, "Introduction: Islam and Philippine Society: the Writings of Cesar Adib Majul."
7	Inisyal na Diskusyon at Pagpapalano para sa Pinal na Papel	Mungkahi: Maaring tumutok ang mga pinal na papel na hindi talaan ng papel na ito, lalo na sina Randolph David, Rolando Gripaldo, Mary John Mananzan, Roque Ferriols, at Florentino Timbreza. Maaari ring tumutok ang mga pinal na papel sa mga kaugnay na tema at isyung tinalakay ng sampung pinakamahalagang pilosopong Pilipino.	
8	Emerita Quito	"Philosophy of Education for Filipinos."	Leslie Anne Liwanag, "Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito."
9	Midterm Examination		
10	Zeus Salazar	"Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan."	Ramon Guillermo, "Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw."
11	Leonardo Mercado	"Filipino Thought."	Emmanuel De Leon, "Leonardo N. Mercado: Mga Sangkap ng Pilosopiyang Filipino," (Mula sa hindi pa nailathalang disertasyon na "Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co").
12	Follow Up na Diskusyon tungkol sa Pinal na Papel		
13	Florentino Hornedo	"Philosophy in culture, Culture in Philosophy."	Roland Theuas Pada, "The Methodological Problems of Filipino Philosophy."
14	Reynaldo Iletto	"Outlines of a Nonlinear Emplotment of Philippine History."	Rhoderick John Abellanosa, "Local Discourse, Identity and the Search for a Filipino Philosophy: a Re-exploration through the Lens of Reynaldo Iletto."
15	Romualdo Abulad	"Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan."	F.P.A. Demeterio, "Chapter IV: Romualdo Abulad," (Mula sa hindi pa nailathalang manuskripto para sa aklat na "The Intellectual Heritage of the Pioneering Lasallian Filipino Philosophers)."
16	Oral na Presentasyon ng mga Pinal na Papel		
17			
18			

Table 7: Mungkahing Course Outline para sa Kursong Pilosopiyang Pilipino

References

- Abellanosa, Rhoderick John S. "Local Discourse, Identity and the Search for a Filipino Philosophy: A Re-exploration through the Lens of Reynaldo Iletto," in *Perspectives in the Arts and Humanities Asia* 3 (1): 35-59, 2013.
- Abulad, Romualdo E. "Ang Diwa at Kaisipan ng Pilipino sa Kasaysayan ng Himagsikan," in *Malay Research Journal* 5 (2): 37-47, 1986.
- Bonoan, Raul J. "Jose Rizal and the Asian Renaissance," in *Budhi: A Journal of Ideas and Culture* 2 (1): 105-118, 1998
- Co, A. "Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago and Fifty Years from Now," in *Across the Philosophical Silk Road: a Festschrift in Honor of Alfredo Co*: 1-18, 2004.
- Constantino, Renato R. "The Miseducation of the Filipino." *Journal of Contemporary Asia* 1 (1): 20-36, 1970.
- De Leon, Emmanuel B. "Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co." in *Dissertation for Doctor of Philosophy in University of Santo Tomas*, 2017.
- Demeterio, Feorillo Petronilo A. "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy" in *Philippiniana Sacra* 49 (147): 189 - 230, 2014.
- Gripaldo, Rolando M. *Filipino Philosophy: Traditional approach (Part 1, Section 1)*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2000.
- Gripaldo, Rolando M. *Filipino Philosophy: Traditional approach (Part 1, Section 2)*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004.
- Guillermo, Ramon G. "Exposition, critique and new directions for Pantayong Pananaw" in *Kyoto Review of Southeast Asia* 3: 1-20, 2003.
- Hornedo, Florentino H. "Philosophy in Culture, Culture in Philosophy" in *In Pagpapakatao and Other Essays in Contemporary Philosophy and Literature of Ideas*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2002.

- Ileto, Reynaldo C. "Outlines of a non-linear emplotment of Philippine History," in *Singapore: Institute of Southeast Asian Studies*: 97-131, 1988.
- Ileto, Reynaldo. *Pasyon and Revolution: Popular movements in the Philippines, 1840-1910*. Manila: Ateneo de Manila University Press, 1979.
- Liwanag, Leslie Anne L. "Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 10 (1): 54-82, 2016.
- Majul, Cesar A. *The political and constitutional ideas of the Philippine revolution*. Quezon City: University of the Philippines, 1957.
- Majul, Cesar A. "The Relevance of Mabini's Social Ideas to our Times," in *Asian Studies* 11: 28, 1973.
- Majul, Cesar A. "The role of Islam in the History of the Filipino People." *Asian Studies* 4 (2): 303-315, 1966.
- Mercado, Leonardo N. *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University Publications. 1974.
- Mercado, Leonardo N. "Filipino Thought," in *Philippine Studies* 20 (2): 207-272, 1972.
- Pada, Roland Theuas S. "The Methodological Problems of Filipino Philosophy," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 8: 24 – 44, 2014.
- Quito, Emerita S. "Philosophy of Education for Filipinos," in *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito*: 761-766, 1985.
- Quito, Emerita S. "The State of Philosophy in the Philippines:" 35-43, 1983.
- Rizal, Jose P. *The Philippines a century hence*. Philippine Education Company, 1912.
- Salazar, Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw bilang diskursong pangkabihasnan." (2016). Retrieved 16 September 2017 from http://www.bagongkasaysayan.org/downloadable/zeus_002.pdf.
- Simbulan, Roland G. "Renato Constantino: The Centennial Filipino Scholar, 1919-1999," in *Journal of Contemporary Asia* 30 (3): 405-409, 2000.

Timbreza, Florentino T. "Mga Tagapaghawan ng Landas ng Pilosopiyang Pilipino," in *Sariling Wika at Pilosopiyang Pilipino*, 2008.

Wadi, Julkipli M. *Introduction: Islam and Philippine Society: The Writings of Cesar Adib Majul*. 2000.